

## ***Mga Bagay na Dapat Malaman Bago Isagawa ang Gongyo***

- ①
  - a. May limang panalangin na kailangang sambitin para sa morning Gongyo. (First, Second, Third, Fourth, and Fifth Prayers)
  - b. May tatlong panalangin na kailangang sambitin para sa evening Gongyo. (Second, Third, and Fifth Prayers only; wala ang “First” at “Fourth” prayer)
- ② Nahahati sa tatlo ang “Liturgy of Nichiren Shoshu”
  - a. Part A ... Ang *Hoben* chapter (p. 1 ~ 4)  
[From “*Ni ji se-son*” to “*hon-mak-ku-kyō tō*”]
  - b. Part B ... Ang *Juryo* chapter 1 (p. 5 ~ 22)  
[From “*Ni ji butsu gō*” to “*Ni setsu ge gon*”]
  - c. Part C ... Ang *Juryo* chapter 2 (p. 22 ~ 31)  
[From “*Ji ga toku bud-rai*” to “*Soku jō-ju bus-shin*”]  
※ Silent Prayers (p. 32 ~ 37)

### **Kung mayroon ka nang enshrined na Gohonzon**

Ang isang Buddhist altar ay dapat naka posisyon sa Hilagang bahagi ng wall. Gayunpaman, kung ang pagkakaayos ng silid ay hindi pinapayagan ang paglalagay ng altar sa paraang ito, maaari itong baguhin sa direksyon na angkop sa lugar. May mga pagkakataon na ang altar ay nasa kanlurang bahagi ng wall, at kinakailangan pang tumalikod sa Gohonzon kapag haharap ka sa silangan para sambitin ang First Prayer sa morning Gongyo. Upang maiwasan ang lubusang pagtalikod sa Gohonzon sa ganitong mga pagkakataon, bahagyang lumihis sa linya mula sa Gohonzon para sa First Prayer. Kung ang altar ay nasa silangang bahagi ng wall at hindi mo magagawa ang First Prayer na hindi direktang nakaharap sa Gohonzon, muli, bahagyang lumihis sa linya mula sa Gohonzon.

### **Kung hindi pa nakatanggap ng Gohonzon**

Una, pumili ng pinakamagalang at naaangkop na silid sa inyong bahay upang maisagawa ang seremonyang Budhismo na ito (Gongyo). Ang Gongyo ay isang solemn ceremony na magiging pundasyon ng iyong pagsasagawa at ang pinagmumulan ng biyaya, at sa gayon, kahit wala ang Gohonzon, ang silid kung saan mo ginagawa ang pang-araw-araw na Gongyo ay dapat na laging panatilihing malinis at itabi para sa iyong pang-araw-araw na pagsasagawa.

Sa loob ng silid, piliin ang wall na haharapin mo upang maisagawa ang Gongyo. Dapat ay walang anumang mga bagay sa wall, tulad ng isang naka-frame na larawan o isang istante ng libro. Habang nakaharap sa blank wall na ito, gawin ang Gongyo tuwing umaga at gabi habang nasa isip ang temple joju Gohonzon.

Kapag ang inyong pang-araw-araw na morning at evening Gongyo ay magiging matatag at tuloy-tuloy, at kung determinado kang mag-enshrine at protektahan ang Gohonzon sa iyong bahay, maaari kang humuling na kumuha ng Gohonzon mula sa temple. Mangyaring kumunsulta sa iyong sponsor o sa temple bago humiling na kumuha ng Gohonzon.

# *Paano Gawin ang Gongyo*

## **First Prayer** ※ Hindi pinapatunog ang bell sa first prayer

- 1) Humarap sa Gohonzon, mag-chant ng Nam-Myoho-Renge-Kyo ng tatlong beses, at mag-bow.
- 2) Humarap sa silangan, mag-chant ng Nam-Myoho-Renge-Kyo ng tatlong beses (at mag-bow).
- 3) Sambitin ang part A (Ang bahagi ng part A from “*Sho-i sho-ho*” to “*nyo ze hon mak-ku-kyo to*” ay palaging inuulit ng tatlong beses) at mag-bow.
- 4) Sambitin lang ang pamagat ng Juryo chapter (ang unang dalawang linya ng part B).
- 5) Sambitin ang part C, at mag-bow sa huling bahagi ng part C.
- 6) Mag-chant ng tatlong mahabang Daimoku.
- 7) Mag-chant ng tatlong beses, tahimik na basahin ang First Silent Prayer.
- 8) Mag-chant ng tatlong beses.

## **Second Prayer**

- 1) Humarap sa Gohonzon, patunugin ang bell ng pitong beses.
- 2) Sambitin ang part A.
- 3) Patunugin ang bell ng tatlong beses, at sambitin ang part B at C (ito lang ang bahagi na binabasa ang buong part B) at mag-bow sa huling bahagi ng part C.
- 4) Mag-chant ng tatlong mahabang Daimoku.
- 4) Patunugin ang bell ng limang beses, mag-chant ng tatlong beses, at tahimik na basahin ang Second Silent Prayer.
- 6) Mag-chant ng tatlong beses.

## **Third Prayer**

- 1) Patunugin ang bell ng pitong beses.
- 2) Sambitin ang part A.
- 3) Patunugin ang bell ng tatlong beses.
- 4) Sambitin lang ang pamagat ng Juryo Chapter.
- 5) Sambitin ang part C, at mag-bow sa huling bahagi ng part C.
- 6) Mag-chant ng tatlong mahabang Daimoku.
- 7) Patunugin ang bell ng limang beses, mag-chant ng tatlong beses, at tahimik na basahin ang Third Silent Prayer.
- 8) Mag-chant ng tatlong beses.

※ Para sa evening Gongyo, ang prayer sa ibaba ay dapat isama sa huling bahagi ng Third Silent Prayer.

**I sincerely pray for the actual achievement of establishing a membership of 800,000 Hokkeko believers by 2021, the year of the 800th anniversary of the advent of our Founder Nichiren Daishonin.**

## Fourth Prayer

- 1) Patunugin ang bell ng pitong beses.
  - 2) Sambitin ang part A.
  - 3) Patunugin ang bell ng tatlong beses.
  - 4) Sambitin lang ang pamagat ng Juryo Chapter.
  - 5) Sambitin ang part C, at mag-bow sa huling bahagi ng part C.
  - 6) Mag-chant ng tatlong mahabang Daimoku.
  - 7) Patunugin ang bell ng limang beses, mag-chant ng tatlong beses, at tahimik na basahin ang Fourth Silent Prayer.
  - 8) Mag-chant ng tatlong beses
- ※ Para sa morning Gongyo, ang prayer sa ibaba ay dapat isama sa ikalawang bahagi ng Fourth Silent Prayer.

**I sincerely pray for the actual achievement of establishing a membership of 800,000 Hokkeko believers by 2021, the year of the 800th anniversary of the advent of our Founder Nichiren Daishonin.**

## Fifth Prayer

- 1) Patunugin ang bell ng pitong beses.
- 2) Sambitin ang part A.
- 3) Patunugin ang bell ng tatlong beses.
- 4) Sambitin lang ang pamagat ng Juryo chapter.
- 5) Sambitin ang part C, at mag-bow sa huling bahagi ng part C.
- 6) Patunugin ang bell ng pitong beses habang sinisimulan ang Shodai.
- 7) Para tapusin ang Shodai, patunugin ang bell ng limang beses at mag-bow sa Gohonzon.
- 8) Mag-chant ng tatlong beses.
- 9) Habang nakayuko ang ulo, tahimik na basahin ang Fifth Silent Prayer. Patunugin ang bell ng tuloy-tuloy sa unang bahagi ng fifth silent prayer (para sa patay).
- 10) Mag-chant ng tatlong beses.
- 11) Tahimik na basahin ang ikalawang bahagi ng Fifth Silent Prayer.
- 12) Patunugin ang bell ng tatlong beses.
- 13) Mag-chant ng tatlong beses at mag-bow.